



Eksibisyon ng Teknolohiya Sa Pagmamatyag sa Lungsod

Pebrero 27, 2019

6:00 p.m. - 8:00 p.m.

Bertha Knight Landes Room, 1st Floor City Hall
600 4th Avenue, Seattle, WA 98104

Samahan kami para sa isang pampublikong pagpupulong upang magbigay ng komento sa ilan sa mga teknolohiya sa pagmamanman ng Lungsod:

Seattle City Light

- Mga Binocular
- Sensorlink Ampstik
- Sensorlink Transformer Meter

Seattle Department of Transportation (Departamento ng Transportasyon ng Seattle)

- Acyclica

Seattle Fire Department (Departamento para sa Sunog ng Seattle)

- Pagdispatsa sa Tulong ng Computer

Seattle Police Department (Departamento ng Pulisya ng Seattle)

- Rekorder ng Pagtawag sa 911
- Pagdispatsa sa Tulong ng Computer
- CopLogic

Hindi kami masasamahan nang personal?

Bumisita sa www.seattle.gov/privacy upang mag-iwan ng online na komento o ipadala ang iyong komento sa **Surveillance and Privacy Program, Seattle IT, PO Box 94709, Seattle, WA 98124**. Ang panahon ng Bukas na Pagkomento ay sa **Pebrero 5 - Marso 5, 2019**.

Mangyaring ipaalam sa amin sa Surveillance@seattle.gov kung kailangan mo ng anumang tulong. Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa Seattle.gov/privacy.

Itinuturing na pampublikong rekord ang mga survey, papel sa pag-sign-in at mga larawan na makukuha sa pangyayaring ito at maaaring mapasailalim sa paghahayag sa publiko. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Public Records Act (Batas sa Mga Pampublikong Rekord) RCW Kabanata 42.56 o bumisita sa Seattle.gov/privacy. Isasama ang lahat ng isinumiteng komento sa Surveillance Impact Report (Ulat sa Epekto ng Pagmamanman).

Current Diversion Detection Technologies

Seattle City Light

Ano ang mga teknolohiyang ito?

Gumagamit ang Pangkat para sa Mga Kaso ng Pag-divert ng Kuryente (CDT) ng tatlong teknolohiya upang alamin kung ilegal na ginagamit ang kuryente nang walang bayad:

- (1) Regular na pangmerkado at hindi debateryang binoculars (largabista);
- (2) Ang Sensorlink Ampstick; at
- (3) Ang Sensorlink Transformer Meter System (TMS)

Maaaring gamitin ang impormasyong nakuha mula sa paggamit ng mga device na ito bilang katibayan para sa pagbawi ng halaga ng na-divert (hindi awtorisadong nilipat) na enerhiya ng kuryente.

Bakit namin ginagamit ang mga teknolohiyang ito?

Tinutulungan ng mga pangsiyasat na teknolohiyang ito ang City Light na mapanatili ang integridad ng sistema ng distribusyon ng kuryente nito, na matukoy kung nangyari man ang pinaghihinalaang pag-divert ng kuryente, at mabigay ang halaga ng na-divert na enerhiya sa mga kaukulang awtoridad para sa pagbawi ng gastos. Noong 2017, nabawi ng Utility ang higit sa \$1.6 milyon gamit ang mga teknolohiyang ito. Kung hindi, mananatili sana iyong malaking kawalan sa pananalapi ng Lungsod.

Pagkolekta

Ang mga binoculars ay ginagamit upang mabasa ang mga metro mula sa malayo, at hindi nangongolekta ng impormasyon. Nagkokolekta ang parehong Sensorlink na device ng naipong konsumo, sa sukat na kilowatt-hours, average volts (lakas ng kuryente), average amps (daloy ng kuryente), at interval na konsumo, sa sukat na kilowatt-hours kada pre-defined time-unit (tinukoy na yunit ng oras).

Paggamit

Ang mga miyembro ng Current Diversion team ay ang tanging mga kawani ng City Light na gumagamit ng mga teknolohiya, at tuwing may pinaghihinalaan lamang na pag-divert ng kuryente (hal., ulat ng kapitbahay, di-pangkaraniwan o walang konsumo ng kuryente na natukoy sa oras ng regular na pagbabasa ng metro ng kawani ng City Light, kapansin-pansing pagkakakalikot sa metro, atbp.).

Mga Proteksiyon

Sa sandaling mabuksan nang wasto ang isang kaso, pinapadala ang mga pangsiyasat na teknolohiya ng CDT na ito ayon sa bilang ng kaso at pangangailangan. Para sa TMS, ang nakolektang data ay ipinapadala sa Utility gamit ang isang ligtas ng protokol ng radyo at isang partikular na software program na protektado ng password.



Binoculars



TMS



Sensorlink Ampstick

Kasalukuyang nagaganap ang panahon ng malayang pagkomento para sa teknolohiyang ito. Maaari kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Privacy](https://seattle.gov/privacy).

Ang lahat ng mga komento ay isasama sa Ulat ng Epekto ng Pagmamanman sa teknolohiyang ito at isusumite sa Konseho.

Kung nais mong magbigay ng komento sa labas ng panahon ng malayang pagkomento, mangyaring isumite ang mga ito sa Konseho ng Lungsod.

Isang Kasangkapan para sa Pagkolekta ng Data sa Trapiko

Ano itong teknolohiyang ito?

Ang mga Acyclica na device ay nagsusukat ng oras ng pagbiyahe ng sasakyan sa mga lansangan ng lungsod sa aktwal na oras. Kinikilala ng mga ito ang mga device na naka-enable ang WIFI (tulad ng mga smart phone) sa mga sasakyan na bumabiyahe sa pagitan ng maraming mga lugar. Ito ay mga maliliit na sensor na naka-install sa mga gamit sa kalye ng SDOT, tulad ng mga control box ng signal ng trapiko.

Bakit natin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Ginagamit ng SDOT ang teknolohiyang ito para mapagpasyahan ang oras ng biyahe sa mga kalye ng lungsod. Gamit ang pagdidiskubre ng mga bukod tanging address, kinikilala ng Acyclica at pinag-iiba iba ang mga kilos ng sasakyan habang paparating ito, sa mga paghinto, at umaalis sa isang intersection. Ginagamit namin ang data na ito para mapahusay ang mga operasyon ng trapiko sa mga network ng daan ng Seattle. Ito ay nakakatulong rin sa amin na mapahusay ang kaligtasan at mobility ng lahat ng mga bumibiyahe.

Pagkolekta

Kinokolekta ng Acyclica ang mga bukod tanging identifier, na tinatawag na MAC address, gamit ang isang sensor na nakakabit sa loob ng mga traffic control cabinet at agad na ine-encrypt ang data. Tapos ay sinusuri ng Acyclica ang data, di ito tinutukoy sa pamamagitan ng pagtatalaga ng isang set ng mga numero at letra, tapos nagdadagdag ng isang random na set ng mga karagdagang character.

Gamit

Ginagamit ng SDOT ang pinagsama-samang data na ipinagkaloob ng Acyclica para tasahin ang daloy ng trapiko at pagkakasiksikan ng trapiko, wastong oras ng senyales, at ibahagi ang impormasyon sa mga bumibiyahe tungkol sa mga inaasahang pagkakaantala.

Proteksyon

Palaging ini-encrypt ng Acyclica ang mga natatanging address na nakokolekta nito, at ang prosesong ito ay hindi na mababaligtad. Ang personal na makapagpapakilalang impormasyon na maaaring gamitin para tumukoy sa, kumontak sa, o hanapin ang isang tao, ay hindi naa-akses ng SDOT, ng nagbebenta ng device, o ng publiko.



Ang panahon para sa bukas na pagbibigay ng komento para sa teknolohiyang ito ay **kasalukuyang isinasagawa**. Maaari kayong magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Privacy](https://www.seattle.gov/privacy).

Lahat ng mga komento ay isasama sa Ulat ng Epekto mula sa Pagmamatyag (Surveillance Impact Report) sa teknolohiyang ito at isusumite sa Konseho (Council).

Kung nais ninyong magbigay ng feedback na hindi sa panahon ng bukas na pagkomento, mangyaring isumite ang mga ito nang direkta sa Konseho ng Lungsod (City Council).



Computer Aided Dispatch (CAD)

Seattle Fire Department

Ano ang teknolohiyang ito?

Gumagamit ang Seattle Fire Department (SFD, Departamento para sa Sunog ng Seattle) ng Computer Aided Dispatch (CAD, Pagdispatsa sa Tulong ng Computer) upang magsimula at mamahala ng mga tugon para sa daan-daang libong tawag sa Lungsod ng Seattle bawat taon. Ang CAD ay isang koleksiyon ng mga software package na tumutulong sa pamamahala ng mga tamang tugon sa mga tawag sa 911 ayon sa iniulat na problema at lokasyon ng tumatawag na nangangailangan ng tulong.

Bakit natin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Sa panahon ng emergency, ang mabilis at epektibong paggawa ng desisyon ng mga dispatsador at taong nagbibigay ng paunang lunas ang maaaring sagot sa pagitan ng buhay at kamatayan. Ang CAD ay isang tool na tumutulong sa mga dispatsador at first responder na mas mahusay at mas mabisang magtrabaho sa pagsuri ng mga sitwasyon at pangyayari sa emergency upang matukoy ang naaangkop na tugon at mapagkukunan.

Pagkolekta

Tumatanggap ang CAD ng impormasyon mula sa mga tumatawag upang makatugon sa angkop na paraan sa mga sitwasyon ng emergency, at kadalasang kasama rito ang kanilang pangalan, numero sa telepono, address kung saan sila tumatawag, mga kondisyong medikal, at iba pang impormasyon na potensiyal na makatutukoy sa tao. Karamihan ng impormasyong ito ay ibinibigay nang may kamalayan ng mga tumatawag. Ang ilan sa impormasyon ay maaaring itago para maging sanggunian sa hinaharap para sa mga sitwasyon ng emergency o para sa pagsusuri ng kalidad.

Paggamit

Eksklusibong ginawa ang solusyon na Computer Aided Dispatch (CAD) ng Seattle para mapamahalaan ng mga first responder ang pagsagot sa mga tawag na pang-emergency at hindi pang-emergency at pagdidispatsa ng mga operasyon. Kumukuha ang solusyong ito ng impormasyon para sa bawat tawag ayon sa pagkakasunod-sunod nito at binibigay ito sa oras din na iyon sa mga tauhan upang makagawa sila ng mga mahusay at mabisang desisyon sa panahon ng pagtugon sa mga emergency.

Mga Proteksiyon

Ang mga naka-unipormeng tauhan ng Seattle Fire Department na itinalaga sa pagtugon sa mga emergency ang kasama sa paggamit ng sistema ng CAD. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa mga dispatsador, operasyon ng departamento, at mga operator ng mga mobile apparatus (gumagalaw na kagamitan). Lahat ng access sa impormasyon ng CAD ay nakabatay sa tungkulin ng tauhan at ina-update araw-araw upang matiyak na ang mga naaangkop na responder lamang ang may access. Tanging ang mga tauhan ng SFD ang may access sa mahalagang impraestruktura at personal na impormasyon na nakatago sa CAD.



Kasalukuyang ginaganap ang panahon ng malayang pagkomento para sa teknolohiyang ito. Maaari kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Privacy](https://www.seattle.gov/Privacy).

Isasama ang lahat ng komento sa Ulat ng Epekto sa Pagmamanman ng teknolohiyang ito at isusumite sa Konseho.

Kung nais mong magbigay ng komento pagkatapos ng panahon ng malayang pagkomento, mangyaring isumite ang mga ito nang direkta sa Konseho ng Lungsod.

Rekorder ng Pagtawag sa 9-1-1

Seattle Police Department (SPD)

Ano ang teknolohiyang ito?

Ang Rekorder ng Pagtawag sa 9-1-1 ay isang aplikasyon na awtomatikong nagrerekord ng lahat ng mga tawag sa telepono na natatanggap ng Sentro ng 9-1-1 ng Seattle Police Department (SPD, Departamento ng Pulisya ng Seattle) pati na rin ng trapiko sa radyo sa pagitan ng mga despatsador at nagpapatrolyang opisyal ng SPD.

Bakit natin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Sinusuportahan ng 9-1-1 Call Logging Recorder ang misyon ng Sentro ng 9-1-1 na magbigay ng kalidad, matatag, at propesyonal na mga serbisyo sa pagdispatsa at pagtanggap ng tawag. Nagbibigay ang mga rekording na ito ng transparency (pagiging bukas at walang tinatago), pananagutan, at katiyakan ng kalidad sa pamamagitan ng pagrekord ng kasalukuyang nangyayaring mga interaksyon sa pagitan ng mga sumasagot ng tawag at tumatawag sa 9-1-1, at sa lahat ng mga trapiko sa radyo sa pagitan ng mga nagpapatrolyang opisyal at mga despatsador.

Pangongolekta

Ang lahat ng mga kinolektang impormasyon ay ibinigay ng taong tumatawag sa 9-1-1 o mula sa mga tumutugon na mga opisyal o despatsador. Kabilang sa data na kinokolekta ng Sistema ng pagrekord ang mga audio ng pagtawag, mga tatak ng oras ng simula at pagtatapos ng mga pagtawag, katungkulan ng tauhan na sumasagot sa pagtawag, tagal ng pagtawag, at ang numero ng telepono at/o mga channel sa radyo na ginamit para tumawag sa 9-1-1.



Kasalukuyang ginaganap ang panahon ng malayang pagkomento hinggil sa teknolohiyang ito. Maaari kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://seattle.gov/surveillance).

Isasama ang lahat ng mga komento sa Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag sa teknolohiyang ito at isusumite sa Konseho.

Kung nais mong magbigay ng tugon sa labas ng panahon ng malayang pagkomento, mangyaring direktang magsumite sa Konseho ng Lungsod.

Paggamit

Regular na ginagamit ang mga rekording na audio sa mga paglilitis ng krimen at pati na rin sa loob ng Sentro ng 9-1-1 para sa mga layunin ng pagsasanay at pagkontrol sa kalidad. May tinatayang 5000 rekording na ibinibigay sa Seattle Law Department (Departamento ng Batas ng Seattle) kada taon upang suportahan ang mga pagdinig sa hukuman.

Mga Proteksiyon

Tanging ang mga awtorisadong user ng SPD ang makaka-access sa Sistema gamit ang mga kredensiyal sa pag-log in na pinoprotektahan ng password. Sertipikado ang lahat ng mga user ng Criminal Justice Information Services (CJIS, Mga Serbisyo sa Impormasyon ng Hustisya sa Krimen). Itinatabi ang mga tala ng mga gawain ng sistema at mga aksiyon ng user para sa mga layunin ng pagsusuri, at upang protektahan laban sa potensiyal na di-awtorisadong pagtatago ng impormasyon.

Computer Aided Dispatch (CAD)

Seattle Police Department (SPD)

Ano ang teknolohiyang ito?

Ang Computer Aided Dispatch (CAD, Pagdispatsa sa Tulong ng Computer) ay isang software na ginagamit sa sentro ng 9-1-1, at ginagamit bilang aplikasyon sa mga computer na may nilalamang data na ginagamit sa sasakyan (MDCs) sa mga sasakyan para sa pagpapatrolya at sa mga smart phone ng mga opisyal. Kapag may tumatawag sa 911, gumagawa ang tagasagot ng tawag ng rekord sa CAD, at nakikipag-usap ang despatsador sa mga nagtatrabaho sa labas na mga tauhan ng pulisya upang bumuo ng tugon.

Tumutulong ang CAD sa mga tauhan ng Sentro ng 9-1-1 sa pagtanggap ng impormasyon ng tumatawag, at ipinapaalam sa kanila ang lokasyon ng opisyal, na nagbibigay-daan sa Seattle Police Department (SPD, Departamento ng Pulisya ng Seattle) na magdispatsa ng naangkop na mga tauhan sa pagpapatrolya. Nagbibigay din ang sistema ng real-time (ayon sa nangyayari sa kasalukuyan) na dokumentasyon ng tugon ng SPD sa mga tawag para sa serbisyo ng pulisya.

Bakit natin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Nagbibigay-daan ang CAD sa pagpapatupad ng misyon ng SPD na mabilis na tumugon sa lahat ng mga kahilingan para sa mga serbisyo ng pulisya, upang magbigay ng propesyonal na mga serbisyo sa pagdispatsa, pagbibigay ng abiso, at komunikasyon para sa Departamento; at upang magbigay ng impormasyon na nagpapahintulot sa SPD na maglaan ng mga tauhan sa pagpapatrolya sa epektibong paraan habang pinapabilis ang oras sa pagtugon.

Pangongolekta

Kabilang sa data na pumapasok sa CAD ang impormasyon na ibinigay ng mga tumatawag sa 9-1-1, pati na rin ang impormasyon ng tumatawag na ibinigay ng kompanya ng telepono, tulad ng numero ng telepono, lokasyon, at pangalan. Ang impormasyon tungkol sa pagtugon ng pulisya sa pagtawag ay ipinapasok sa CAD ng mga despatsador at mga opisyal ng SPD na tumutugon sa mga gawaing pangserbisyo.

Paggamit

Ang Seattle Police 9-1-1 Center, na may mga tauhan 24 oras bawat araw, 365 araw kada taon, ay nakakatanggap ng humigit-kumulang 900,000 pagtawag kada taon na nagreresulta sa pagbuo ng humigit-kumulang na 250,000 CAD na mga gawain bawat taon. Humigit-kumulang 135,000 na karagdagang CAD na gawain ang sinisimulan ng mga opisyal ng pulisya sa kahabaan ng kanilang karaniwan na mga aktibidad ng pagpapatrol kada taon.

Mga Proteksiyon

Tanging ang mga awtorisadong user ng SPD ang makaka-access sa sistema gamit ang mga kredensiyal sa pag-log in na pinoprotektahan ng password. Sertipikado ang lahat ng mga user ng Criminal Justice Information Services (CJIS, Mga Serbisyo sa Impormasyon ng Hustisya sa Krime). Itinatabi ang mga tala ng mga gawain ng sistema at mga aksiyon ng user para sa mga layunin ng pagsusuri, at upang protektahan laban sa potensiyal na di-awtorisadong pagtatago ng impormasyon. Naka-encrypt ang lahat ng mga data na gumagalaw sa labas ng network ng SPD.



Kasalukuyang ginaganap ang panahon ng malayang pagkomento hinggil sa teknolohiyang ito. Maaari kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://www.seattle.gov/surveillance).

Isasama ang lahat ng mga komento sa [Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag](https://www.seattle.gov/surveillance) sa teknolohiyang ito at isusumite sa Konseho.

Kung nais mong magbigay ng tugon sa labas ng panahon ng malayang pagkomento, mangyaring direktang magsumite sa Konseho ng Lungsod.

CopLogic

Seattle Police Department (SPD)

Ano ang teknolohiyang ito?

Ang CopLogic ay isang software para sa pag-uulat ng krimen na nagpapahintulot sa mga miyembro ng publiko na magsumite online ng mga ulat sa pulisya sa pamamagitan ng programa sa web.

Pinapayagan nito ang user, na maaaring isang indibidwal o tindahan ng retail, na mag-ulat ng mga krimen sa paraang madali para sa kanila. Maaari pa ring makuha ng user ang mga benepisyo ng pag-ulat ng insidente, kahit na hindi tumugon ang opisyal ng pulisya sa pinangyarihan.

Bakit natin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Tumutulong ang CopLogic sa komunidad at sa Seattle Police Department (SPD, Departamento ng Pulisya ng Seattle) sa pamamagitan ng pagbibigay ng higit na oras para sa mga tauhan sa sentro ng 9-1-1, pagtanggap sa pangangailan ng mga opisyal na pumunta nang personal upang kumuha ng mga ulat sa ilang krimen, at pagbigay sa mga miyembro ng komunidad ng ligtas, maginhawa at agarang paraan upang makipag-ugnayan sa pulisya. Nakakatanggap din ang mga miyembro ng komunidad ng libreng kopya ng kanilang ulat sa pulisya kapag nakompleto nila ang kanilang ulat sa sistema ng CopLogic. Sa pamamagitan ng CopLogic, nakakatipid ng higit sa 20,000 oras ng opisyal sa pagpapatrol kada taon, na nagbibigay ng higit na oras sa mga nagpapatrolyang tauhan para sa mga higit na malubhang pangyayari at nakakapagtipid sa Departamento ng higit sa \$1,000,000 kada taon.

Pangongolekta


Lahat ng impormasyong nakolekta sa pamamagitan ng programang CopLogic ay isinumite ng biktima ng krimen, na gumawa ng ulat. Hinihikayat ang mga indibidwal na ibigay ang impormasyong kailangan upang isumite ang kanilang ulat online. Walang impormasyon o data na kinokolekta mula sa ibang pinanggalingan.

Paggamit

Pagkatapos gawin ang isang ulat, naglal-log in ang mga miyembro ng Yunit sa Pag-ulat sa pamamagitan ng Internet at Telepono ng SPD sa web portal ng CopLogic at ina-access ang mga isinumiteng ulat. Sinusuri ng isang opisyal ang mga ulat at inililipat sa (Sistema ng Pamamahala ng Mga Ulat ng SPD. Nagpa-follow up ang mga opisyal ng SPD kapag kailangan.

Mga Proteksiyon

Tanging ang awtorisadong tauhan ng SPD ang makaka-access sa impormasyong ibinigay ng mga indibidwal sa pamamagitan ng tool sa pag-uulat online. Maaari lamang ma-access ng tauhan ng SPD ang data ng CopLogic kapag may pahintulot at binigyan ng natatanging kredensiyal sa sistema. Lahat ng mga aktibidad ay nakatala at nasusuri. Ang data ay itinatabi sa ibang lugar at pinangangasiwaan ng Lexis Nexis na, "...gumagamit ng iba't ibang pangpangasiwa, pisikal at teknikal na mga hakbang sa seguridad upang makatulong na protektahan ang iyong personal na impormasyon."



Kasalukuyang ginaganap ang panahon ng malayang pagkomento hinggil sa teknolohiyang ito. Maaari kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://www.seattle.gov/Surveillance).

Isasama ang lahat ng mga komento sa Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag sa teknolohiyang ito at isusumite sa Konseho.

Kung nais mong magbigay ng tugon sa labas ng panahon ng malayang pagkomento, mangyaring direktang magsumite sa Konseho ng Lungsod.